

WAIVER NG CalWORKs PARA SA MGA KAPANSANAN SA PAGKATUTO SCREENING AT/O PAGSUSURI

Sabihin sa inyong manggagawa kung kailangan ninyo ng tulong tungkol sa pagbabasa o pag-unawa ng form na ito. Basahin ang form na ito nang napakaingat kasama ang inyong manggagawa sa county. Tiyaking magtanong ng tungkol sa anumang bagay na hindi ninyo nauunawaan. Kung ayaw ninyong ma-screen o masuri sa oras na ito para sa mga kapansanan sa pagkatuto, hihilingin sa inyong pirmahan ang form na ito at makakakuha kayo ng kopya ng form na ito.

Mga Benepisyong isang Screening at Pagsusuri ng Mga Kapansanan sa Pagkatuto

Napakahalagang ma-screen at masuri kayo para sa mga posibleng kapansanan sa pagkatuto. Mangyaring tandaan na ang karamihan sa mga taong may mga kapansanan sa pagkatuto ay matalino at ang marami ay may talento. Kung malalaman ng county na mayroon kayong kapansanan sa pagkatuto, mas matutulungan kayo mabuti ng county na magdesisyon sa kung anong aktibidad ang pinakamabuti para sa inyo. Ang mga indibiduwal na mayroong kapansanan sa pagkatuto ay maaaring turuang gamitin ang kanilang mga kalakasan at maghanap ng mga paraan upang padaliing matuto at maging mas matagumpay sa paaralan at sa trabaho.

Ang pagpapa-screen at pagpapasuri para sa mga kapansanan sa pagkatuto ay makakatulong sa inyong maghanap, magpanatili at umunlad sa trabaho na tama para sa inyo. Matutulungan din kayo nitong humusay sa pag-aaral o programa ng pagsasanay. Ang screening at pagsusuri ay maaari rin kayong bigyan ng tulong at mga serbisyo na kakailanganin ninyo upang matugunan ang mga kinakailangan sa welfare-to-work. Maaari rin kayong huwag isama mula sa mga kinakailangan sa welfare-to-work kung masyadong malubha ang inyong kondisyon na pinipigilan kayo nitong regular na magtrabaho o lumahok sa mga aktibidad ng welfare-to-work: 20 oras bawat linggo para sa walang asawang magulang na may anak na bata sa anim na taong gulang, 30 oras bawat linggo para sa walang asawang magulang na walang anak na bata sa anim na taong gulang, o 35 oras para sa mga pamilya na dalawa ang magulang.

Kung mayroon kayong nakaraang pagsusuri na nagsasabing mayroon kayong kapansanan sa pagkatuto, mangyaring ibigay ang pagsusuri sa inyong manggagawa sa county. Maaaring tanggapin ng county ang lahat o ang bahagi ng pagsusuri at magbigay sa inyo ng mga makatwirang akomodasyon o huwag tanggapin ang pagsusuri at i-refer kayo sa isa pang pagsusuri. Ang inyong manggagawa sa county ay magsasama ng impormasyon sa inyong file ng kaso na tinanggap ng county ang inyong pagsusuri sa mga kapansanan sa pagkatuto. Hindi ninyo kailangang pirmahan ang waiver na ito kung tatanggapin ng county ang inyong nakaraang pagsusuri.

Kung ayaw ninyong ma-screen o masuri sa oras na ito para sa mga kapansanan sa pagkatuto, at hindi kami bibigyan ng ibang katunayan ng kapansanan sa pagkatuto:

1. Hindi kayo makakakuha ng tulong para sa kapansanan sa pagkatuto.
2. Kakailanganin ninyong matugunan ang mga kinakailangan sa welfare-to-work tulad ng sinumang iba pang tao sa CalWORKs na walang kapansanan sa pagkatuto. Kung hindi ninyo natutugunan ang mga kinakailangan sa welfare-to-work, maaaring babaan o itigil ang inyong tulong na pera.
3. Maaaring magbago ang isip ninyo **anumang oras** at humiling ng screening para sa mga kapansanan sa pagkatuto at/o ng isang pagsusuri ng kapansanan sa pagkatuto.

Kung malalaman sa ibang pagkakataon na mayroon kayong kapansanan sa pagkatuto, bibigyan kayo ng county ng tulong at mga serbisyo na kailangan ninyo kasunod ng petsa na tatalakayin sa inyo ng inyong manggagawa ang mga malalaman sa pagsusuri at kapag pumirma kayo ng bagong plano sa welfare-to-work, kung kailangan.

Pumunta sa susunod na pahina para makumpleto ang form na ito.

WAIVER NG CalWORKs PARA SA MGA KAPANSANAN SA PAGKATUTO SCREENING AT/O PAGSUSURI (ipinagpatuloy)

Sa oras na ito, gusto kong talikdan (tanggihan) ang screening ng mga kapansanan sa pagkatuto at/o pagsusuri ng mga kapansanan sa pagkatuto. Hindi kasama sa aking plano sa welfare-to-work ang mga tulong para sa mga kapansanan sa pagkatuto maliban kung magbibigay ako ng nakaraang pagsusuri ng mga kapansanan sa pagkatuto, at tatanggapin ng county ang pagsusuring iyon.

Nabasa ko ang form na ito at/o ipinabasa ko ito sa akin. Nauunawaan ko ang impormasyon sa form na ito. Ayoko ang mga sumusunod na ito sa ngayon:

Screening ng Mga Kapansanan sa Pagkatuto Pagsusuri ng Mga Kapansanan sa Pagkatuto

Mayroon akong karapatang tumanggap pirmahan ang form na ito. Kung tatangi akong pirmahan ang form na ito, pareho ito kung pipirmahan ko ang form na ito upang talikdan ang screening sa mga kapansanan sa pagkatuto at/o pagsusuri ng mga kapansanan sa pagkatuto. Isasama ang impormasyon sa aking file ng kaso na tinalikdan ko ang screening ng mga kapansanan sa pagkatuto at/o pagsusuri ng kapansanan sa pagkatuto.

NAKASULAT NA PANGALAN NG KALAHOK	CASE FILE NUMBER
PIRMANG PANGALAN NG KALAHOK	DATE

Bahagi na Gagamitin Lang ng County (County Use Only Section):

I have discussed this form and offered a learning disabilities screening/evaluation to the participant named above:

- Participant signed this form to waive the learning disabilities screening/evaluation.
- Participant refused to sign this form after waiving the learning disabilities screening/evaluation.

PRINTED NAME OF INTERVIEWER	JOB TITLE OF INTERVIEWER
SIGNED NAME OF INTERVIEWER	DATE